

Programang Title VI

2022-2025

EHEKUTIBONG BUOD



**Isinumite ng:
Office of Civil Rights(OCR)
Santa Clara Valley Transportation Authority
3331 North First Street, Building B-2
San Jose, CA 95134-1906
(408) 952-8901
www.vta.org**

Layunin ng Ehekutibong Buod

Kinikilala ng VTA ang mga oportunidad at obligasyon nito sa pamamagitan ng aktibong pagtiyak na lahat ng patakaran, serbisyo, at programa ay epektibo, kasama ang lahat, at madaling ma-access. Sa pamamagitan ng pagkilos at pagsubaybay sa progreso, maaari nating tiyakin na walang sinuman ang hindi nabibigyan ng makabuluhang pag-access sa aming mga serbisyo sa transportasyon, mga programa, at impormasyon dahil sa kanilang lahi, kulay, o bansang pinagmulan. Iyan ang misyon ng Title VI Program ng VTA, na gumagabay, sumusubaybay, at nagdodokumento kung paano sumusunod ang VTA sa Civil Rights Act ng 1964.

Ang pangangasiwa sa Title VI ay nagsasangkot ng pamamahala ng pagbuo ng patakaran, pagsasanay, pagsunod sa mga regulasyon, pag-uulat, at pagsubaybay sa lahat ng patakaran laban sa diskriminasyon kaugnay ng Title VI at sa mga taong may limitadong kasanayan sa Ingles (LEP). Ang mga indibidwal na (LEP) ay nag-ulat ng kanilang sarili sa U.S. Census na sila ay hindi gaanong mahusay sa pagsasalita ng Ingles, at ang kakayahan sa pag-sasalita ng Ingles ay nakaugnay sa bansang pinagmulan. Ang mga pananagutan sa pangangasiwa Title VI sa ay sentralisado sa Office of Civil Rights (OCR) ng VTA. Ang mga empleyado mula sa bawat division sa loob ng organisasyon ay nagtatrabaho nang magkakasamang naglalayong mag-ambag sa tagumpay ng aming programang Title VI.

Ang sumusunod na ehekutibong buod ay naglalalag nang maikli sa ng 2022 Title VI Program ng VTA na naglalalaman ng mga dokumento tulad ng:

- Pamamaraan ng VTA sa pagreklamo para sa diskriminasyong may kinalaman sa lahi, kulay, at bansang pinagmulan.
- Nagbibigay ang mga serbisyong tulong sa wika na ibinibigay ng VTA sa mga mamamayan na limited English proficient (LEP) (limitadong kasanayan sa Ingles).
- Buod ng mga pagsisikap sa pag-abot na ginawa mula nang isumite ang huling Title VI Program.
- Ang demograpiko ng lugar ng serbisyo ng VTA.

Kailama't posibleng isumaryo sa pinakamataas na antas ng impormasyon, gagawin ito ng Office of Civil Rights. Kapag hindi ito kaya, maikli nitong isusumaryo ang layunin nito at ire-refer ang mambabasa ang buong bersyon ng Title VI Program.

Sinusuportahan ng VTA ang layunin ng Title VI at mga Executive Order sa limited English proficiency (LEP) pati na rin sa Katarungang Pangkapaligiran

upang magbigay ng makabuluhang pag-access sa kanilang mga serbisyo, proyekto, at mga aktibidad ng mga taong may mababang kita, minority, at limitadong kasanayan sa Ingles.

Talaan ng mga Nilalaman

Layunin ng Ehekutibong Buod Summary.....	2
Ipinapabatid ng mga Abiso ng Title VI sa Publiko ang tungkol sa Kanilang mga Karapatan.26	
Kahit Sino ay Makakapaghain ng Reklamong Title VI ang Sinuman.	6
Anong mga Reklamo at Paghahablang May Kaugnayan sa Transit ng Title VI ang Isinampa Laban sa VTA at Paano Inimbestigahan ang mga Ito.	7
Plano sa Pakikibahagi ng Publiko - Paano Isasangkot ng VTA ang Publiko.....	7
Plano sa Pag-access ng Wika – Paano Inaabot ng VTA ang mga Hindi Nagsasalita ng Ingles.....	8
Antas ng Representasyon ng Minorya tungkol sa mga Lupon ng Tagapayo ng VTA ng 2022.	8
Paano Sinusubaybayan ng VTA ang mga Kontratista at Kasunod na Tatanggap	9
Katarungang Pangkapaligiran bilang Gabay na Prinsipyo	10
Pambuonang Sistemang Istandard sa Serbisyo	10
Pagsubaybay sa Serbisyo at mga Pagbabago sa Pasahe gamit ang Pagsusuri sa Pagiging Patas.....	11
2022 na Ulat ng VTA sa Pagsubaybay sa Serbisyo VTA.	11
2022 Pagsusuri sa Pagiging Patas ng Serbisyo ng Title VI ng VTA.	12
Demograpiko ng mga Pasahero at mga Pattern ng Pagbibiyaha sa Lugar ng Serbisyo ng VTA.	13
Apendise I: Mga Reklamo, Imbestigasyon, at Paghahabla na Nauugnay sa Title VI.....	16
Apendise II: Konsentrasyon ng Mamamayang Minorya – Lugar ng Serbisyo ng Transit ng VTA	20
Apendise III: Konsentrasyon ng mga Sabahayan na Mababa ang Kita – Lugar ng Serbisyo ng Transit ng VTA.....	22
Apendise IV: Konsentrasyon ng Limited English Proficient (LEP) sa Lugar ng Serbisyo.....	24

Ipinapabatid ng mga Abiso ng Title VI sa Publiko ang tungkol sa Kanilang mga Karapatan.

Tinitiyak ng VTA na alam ng publiko ang kanilang mga karapatan sa ilalim ng Title VI ng Batas sa mga karapatang Sibil sa pamamagitan ng pagpapaskil ng impormasyon tungkol sa mga proteksyon laban sa diskriminasyon sa mga pampublikong pasilidad, mga transit center, at loob ng mga sasakyang pangserbisyo tulad ng mga bus at tren ng light rail. Ang pampublikong abiso na ito ay matatagpuan sa 96 iba't ibang lugar at isinalin sa 18 iba't ibang wika maliban sa Ingles.

Paano Makakapaghain ng Reklamong Title VI ang Sinuman.

Ang sinumang naniniwala na sila ay sumailalim sa diskriminasyon dahil sa kanilang lahi, kulay, o bansang pinagmulan ay maaaring maghain ng reklamo sa VTA. Maaaring ihain ang mga reklamo sa pamamagitan ng telepono o sa pagsulat sa Opisina ng Civil Rights ng VTA o sa aming departamento ng Customer Service.

Office of Civil Rights
Attn.: Title VI Coordinator
Santa Clara Valley Transportation Authority
3331 North First Street, Bldg. B-2
San Jose, CA 95134
(408) 952-8901
vta.org/about/title-vi

Customer Service
(408) 321-2300
(408) 321-2330 TTY
<mailto:customer.service@vta.org>

Ang mga reklamo ng diskriminasyon mula sa isang empleyado ng VTA o isang kontraktor ng VTA ay maaari ring isampa sa mga ahensiyang ito: sa Federal Transit Administration (FTA), Federal Highway Administration (FHWA), Caltrans, at California's Civil Rights Department (CRD).

Ano ang mga Reklamong Title VI na Nauugnay sa Transit at Paghahabla ang Isinampa Laban sa VTA at Paano Ito Inimbestigahan.

Mula Pebrero 2020 hanggang Hunyo 2022, tatlong kasong Title VI (tungkol sa lahi, kulay, at bansang pinagmulan) ang isinampa. Apat na reklamong may kinalaman sa lahi ang isinumite at lahat ng apat ay napatunayan. Pinayuhan at binigyan ng instruksyon ang mga inireklamong mga operator. Upang makita ang buong listahan ng mga reklamo kaugnay ng Title VI, mangyaring tingnan ang Apedise I ng buod na ito. Ang listahan na nasa buong bersyon ng Title VI Program ay matatagpuan sa Seksyon 4, na pinamagatang "*List of Transit-Related Title VI Investigations, Complaints, and Lawsuits.*" (*Listahan ng mga Imbestigasyon, Reklamo, Paghahabla na may Kinalaman sa Title VI*)

Public Participation Plan - Paano Isasangkot ng VTA ang Publiko.

Ang Plano sa Pamublikong Pakikilahok (Public Participation Plan, PPP) ay gabay sa patuloy na pagsisikap ng VTA na makipag-ugnayan sa publiko sa pamamagitan ng pagbibigay impormasyon tungkol sa mga paparating na proyekto at mga pagbabago sa serbisyo, pati na rin ang paghahanap ng opinyon ng publiko sa mga desisyon sa pagpapalano ng transportasyon, na may partikular na pagbibigay-diin sa pakikilahok ng mga minoryang grupo at mga grupo na may mababang kita.

Nakikipag-ugnayan ang VTA sa mga organisasyon ng komunidad (CBOs) na nagbibigay ng mga serbisyo sa komunidad na hindi gaanong nabibigyan ng serbisyo, mga cultural center, lugar ng pagsamba, residensyal na komunidad, at mga ahensya ng mga serbisyong panlipunan para sa pakikilahok sa iba't ibang proyekto at proseso ng pagpapalano ng serbisyo.

Ipinapakita ng PPP ang pamamaraan ng VTA na nakatuon sa komunidad, accessible na mga paraan, at ang aming pangako na masunod at higitan ang mga kinakailangan ng FTA Circular 4702.1B, sa pagsasaalang-alang sa Kataruangang Pangkapaligiran, mga kinakailangan ng Federal Highway Administration, at para sa ngalan ng mga indibidwal na limitado ang kasanayan sa Ingles, mababa ang kita, at mga minoryang komunidad, pati na rin sa mga indibidwal na may kapansanan.

Language Access Plan - Paano Nakikipag-ugnayan ang VTA sa mga Taong Hindi Nagsasalita ng Ingles.

Ginagamit ang Language Access Plan (LAP) (Plano sa Pag-access ng Wika) ng VTA kasama ng Public Participation Plan bilang gabay kung paano makipag-ugnayan sa pinakamahusay na paraan sa mga customer nito, paano tulungan ang mga kawani ng VTA na makipag-ugnayan sa mga indibidwal na may limitadong kasanayan sa Ingles (LEP), at humingi ng feedback mula sa komunidad nang patuloyan. Kabilang sa impormasyong ibinigay sa planong ito ang:

- Ano-ano ang mga wikang kasalukuyang ginagamit nang madalas sa lugar ng serbisyo ng VTA.
- Anong mga serbisyo ng VTA ang madalas na ginagamit.
- Paano kumukuha ng impormasyon ang mga customer ng VTA tungkol sa pampublikong transportasyon.
- Mga hadlang na nararanasan ng mga customer kapag nag-a-access sila ng mga serbisyo ng VTA.

Ang Antas ng Representasyon ng Minorya sa mga Lupon ng Tagapayo ng VTA noong 2022.

Ang VTA ay may dalawang advisory committee, ang Citizens Advisory Committee (CAC) at ang Committee for Transportation Mobility and Accessibility (CTMA), na binubuo ng mga hindi inihalal na miyembro na pinili ng VTA. Hinahikayat ng VTA ang pagsali ng mga minorya at mga grupong tradisyonal na hindi gaanong nabibigyan ng serbisyo sa mga komite na ito. Sa aming mga pagsisikap na matiyak at mapalakas ang pagsali ng iba't ibang miyembro ng publiko, tinatanong namin ang kasalukuyang mga miyembro tungkol sa kanilang lahing pagkakakilanlan at etnikong pinagmulan.

Talahanayan ng Etniko at Lahi na Listahan ng mga Miyembro ng Komite ng Tagapayo	Citizens Advisory Committee (CAC)	Committee for Transit Accessibility (CTA)
Aprubadong mga Posisyon ng Pagiging Miyembro	13	17
Napunan na mga Posisyon ng Miyembro	10	9

Mga Miyembro Sumasagot sa Survey	8	5
Etniko (pangkultura o bansang pinagmulan) at/o pagtukoy ng kanyang sariling lahi	Citizens Advisory Committee (CAC)	Committee for Transit Accessibility (CTA)
Pinagmulang Hispanic, Latino, o Espanyol	0	1
Puti	6	3
Itim, Aprikano o Aprikano-Amerikano	0	0
	0	0
Amerikanong Indyano o Katutubong Alaska	0	0
	2	0
Dalawa o higit pang lahi	0	1

Sinisikap ang VTA na dagdagan pa ang pakikilahok ng mga grupong kulang sa representasyon sa mga komite na ito sa pamamagitan ng pagpapaskil ng mga bakanteng posisyon sa mga pampublikong lugar, sa [iba't ibang webpage ng VTA](#), pati na rin sa mga landing page ng komite sa [Agenda Portal ng Board at Committees](#).

Paano Sinusubaybayan ng VTA ang mga Kontratista at mga Kasunod na tatanggap.

Upang matiyak na sumusunod ang mga subrecipients sa mga regulasyon ng DOT Title VI, dapat subaybayan ng mga pangunahing tatanggap ang kanilang subrecipient kung sila ay nakakasunod sa mga regulasyon. Kung ang isang subrecipient ay hindi sumusunod sa mga kinakailangan ng Title VI, kung gayon ang pangunahing tatanggap ay hindi sumusunod sa mga kahilingan.

Pumasok ang Santa Clara VTA (VTA) sa dalawang-taong kasunduan kasama ang Peninsula Family Service (PFS) upang magbigay ng pondo para sa DriveForward Vehicle Loan Program. Ito ay isang programa ng pautang sa mga konsyumer na nagbibigay ng mga pautang para sa mga sasakyan na may abot-kayang presyo. Sa pamamagitan ng Fifth-Cycle ng Lifeline Transportation Program ng Metropolitan Transportation Commission (MTC), kinuha ng VTA ang 5307 pondo na nagkakahalaga ng \$237,000 para sa PFS upang pondohan ang programa ng pautang. Isinumite ng Peninsula Family Service ang kanilang Title VI Program sa mga tauhan ng VTA. Natukoy na

ang Programa ay sumusunod sa FTA Title VI Circular 4702.1B at wala namang mga reklamo, imbestigasyon, o mga demanda ng Title VI ang PFS.

Katarungang Pangkapaligiran bilang Gabay na Prinsipyo.

Ang VTA ay may nakatakdang mga pamantayan at gabay sa serbisyo upang isulong ang **Katarungang Pangkapaligiran**. Ang mga populasyon na may mababang kita at mga minorya ay hindi dapat mapabigatan nang labis ng anumang aktibidad ng VTA, halimbawa, pagtaas o pagbaba ng pamasahe sa anumang paraan ng transportasyon ng VTA, pagtatayo ng mga proyekto na may epekto sa mga kalapit na pamayanan, o pagbabawas ng serbisyo sa partikular na mga lugar. Ang layunin ng mga pagsisikap ng Katarungang Pangkapaligiran ng VTA ay matiyak ang patas na pamamahagi ng mga benepisyo pati na rin ang mga pasanin na kaugnay ng anumang serbisyo o proyekto nito.

Kailangang suriin ng mga pampublikong ahensiya ang etniko at lahi na kayarian ng lokasyon o lugar ng pinaplanong proyekto upang maiwasan na hindi maisaalang-alang ang lahi, kulay, o bansang pinagmulan kapag pumipili ng heograpikong lokasyon. Mula 2020 hanggang 2022, walang itinayong mga pasilidad sa transportasyon ang VTA, ngunit mayroon kaming patakaran para sa mga darating na proyekto na gagabay sa pag-analisa at pagpapasya, [VTA Policy BSD-PL-001](#).

Mga Pamantayan sa Serbisyo sa Buong Sistema.

Ipinagbabawal sa mga regulasyon ng pederal ang anumang uri ng diskriminasyon laban sa sinuman o grupo ng mga tao kaugnay ng pagruruta, pag-iiskedyul, o kalidad ng serbisyo ng transportasyon dahil sa kanilang lahi, kulay, o bansang pinagmulan. Kasama rin dito ang dalas ng serbisyo, edad at kalidad ng mga sasakyang nakatalaga sa mga ruta, at iba pa.

Dapat na kasama sa standard ng serbisyo ang:

- Laman ng sasakyan para sa bawat mode.
- Pag-abante ng sasakyan para sa bawat mode.
- Performance sa pagiging on-time para sa bawat mode.
- Pagiging available ng serbisyo para sa bawat mode.

Pagsubaybay sa Serbisyo at mga Pagbabago sa Pasahe sa Pagsusuri ng Pagiging Patas.

Pinagsisikapan ng VTA na maging patas ang serbisyo sa pamamagitan ng regular na pagsubaybay sa aming mga serbisyo at pagsasagawa ng mga **Pagsusuri ng Patas na Serbisyo at Pasahe**. Nangyayari ito tuwing nagpaplanang ahensya na baguhin ang serbisyo sa mga ruta o na baguhin ang mga pasahe.

May dalawang patakaran na gumagabay sa pagpapasya ng VTA kung ang mga pamayanan ng minority at mababang kita ay maapektohan nang lubha kaysa sa ibang komunidad kapag nagpaplanang pagbabago sa serbisyo o pasahe:

- **Patakaran sa Disparate Impact (Hindi Patas na Epekto):** Kapag ang mga minorityang pasahero ay apektado sa negatibong paraan o apektado sa paraang hindi gaanong positibo, sa 10% o higit pa, dapat maiwasan, mabawasan, o mapahupa ang di-sinasadyang diskriminasyon sa minorityang grupo.
- **Patakaran sa Disproportionate Burden (Hindi Timbang na Pasanin)** Kapag ang mga pasahero na may mababang kita ay apektado sa negatibong paraan o apektado sa paraang hindi gaanong positibo, ng 10% o higit pa, dapat maiwasan, mabawasan, o mapahupa ang hindi timbang na pasanin sa grupo ng mga may mababang kita.

Ulat sa Pagsubaybay sa Serbisyo ng VTA sa taong 2022.

Ang mga Systemwide Service Standards ay ginagamit upang ihambing ang performance ng mga ruta ng bus at light rail ng VTA na pangunahing ginagamit ng mga pasaherong minority na may mga ruta na pangunahing ginagamit ng mga pasaherong kabilang sa hindi minority, upang matukoy ang anumang disparate impact. Naglabas ang ulat ng dalawang natuklasan sa performance sa serbisyo ng VTA:

- Pagdating sa **mga sakay ng sasakyan**, ang mga ruta ng Minority Frequent bus ay may mas maraming sakay tuwing Linggo kumpara sa kanilang mga katumbas na hindi minority. Ang sanhi nito ay ang pagkaunti ng operator na available dahil sa pandemyang COVID-19, na naglilimita sa kakayahan ng VTA na maibalik sa antas ng serbisyo tulad ng bago mag-pandemic. Ang pangangailangan ng pasahero tuwing Linggo ay partikular na malakas sa mga ruta ng Minority

Frequent bus, na nagdudulot ng hindi patas na epekto. Gayunpaman, wala sa mga sakay ang lumalampas sa mga gabay sa kargang pasahero ng VTA at may sapat na kapasidad sa mga bus.

Pinaprayoridad ng VTA ang pagpapanumbalik ng buong serbisyo tuwing Linggo dahil may mga bagong operator ang hina-hire upang maibsan ang hindi patas na epekto.

- Ang ikalawang natuklasan ay na ang Pangminoryang Ruta ng Light Rail (Orange Line) ay **mas hindi produktibo** kumpara sa mga hindi minoryang riles. Ang di patas na epekto na ito ay sanhi ng patuloy na epekto ng pandemya sa pangangailangan ng mga pasahero. Patuloy na sinusubaybayan ng mga tauhan ng VTA relatibong performance ng ng mga ruta ng minorya habang bumabalik ang bilang ng mga pasahero at ang pangangailangan sa transit ay nagiging "new normal" na matapos ang pandemya.

Pagsusuri sa Pagiging Patas ng Serbisyon Title VI ng VTA sa taong 2022.

Noong 2022, nagmungkahi ang VTA na bumalik sa ganap na antas ng serbisyo ng transit gaya ng bago mag-pandemic para sa taong 2023. Ipapakita ang mungkahing ito iba't ibang grupo ng pamayanan at iniharap sa Lupon ng VTA para aprubahan. Kabilang sa mahahalagang pagbabago sa 2023 na Planong Serbisyo ay kinabibilangan ng pagpapanumbalik ng lahat ng serbisyo, pagpapabuti sa oras ng operasyon at dalas ng serbisyo, at pagsasauli ng patas na serbisyo sa mga pasahero ng VTA. Matapos iugnay ang mga pamayanan sa iba't ibang wika at sa iba't ibang lugar, ang mga puna ay nagresulta sa pagkakaroon ng bagong weekend na serbisyo sa tatlong ruta, mas madalas na serbisyo sa apat na ruta, pagbabago ng kategorya ng isang ruta para gawing Madalas na Ruta, at pagpapahaba ng oras ng serbisyo sa umaga at sa gabi (sa 21 na ruta). Walang nalihang di patas na epekto sa mga pamayanan na iba ang kulay at walang di timbang na pasanin sa mga pamayanan na may mababang kita.

Marami sa komento ng publiko ang nauugnay sa mga napalampas na biyahe at mas mahabang panahon ng paghihintay dahil sa kakulangan ng tauhan. Madalas na ipinahayag ng mga tao ang pagnanais na magkaroon ng maraming amenity sa hintuan ng bus, mas ligtas at malinis na kapaligiran sa loob at sa mga hintuan ng bus at light rail.

Demograpikong Pasahero at mga Pattern ng Pagbiyahe sa Lugar ng Serbisyo ng VTA.

Gamit ang data ng U.S. Census, nabuo ang mga demograpikong mapa at matatagpuan sa mga Apendise II hanggang IV ng ehekutibong buod na ito.

- Pangunahing mapa (Base map) na may Census tracts at porsyento ng kabuuang ng minoryang populasyon na naninirahan sa mga lugar na ito na lumampas sa average na porsyento ng minoryang populasyon ng para sa lugar ng serbisyo.
- Mapa na nagpapakita ng iba't ibang populasyon ng mga taong may mababang kita na naninirahan sa mga lugar na lumampas sa average na porsyento ng populasyon ng mga taong may mababang kita para sa lugar ng serbisyo upang tugunan ang katarungan sa kapaligiran at suriin ang epekto ng malalaking pagbabago sa serbisyo sa mga populasyon ng may mabababa ang kita. (Dahil sa mataas na gastos ng pamumuhay sa San Francisco Bay Area, binibigyang-kahulugan ng VTA ang mababang kita bilang 200% ng mga poverty guideline ng pederal.)
- Mapa na nagpapakita ng mga populasyon ng may limitadong kasanayan sa Ingles (LEP) (katulad ng mga mapa ng populasyon ng minorya at mababang kita) upang gabayan ang epektibong pag-abot sa pamamagitan ng pag-aalok ng impormasyon sa mga nasabing wika.

Isa pang pinagmumulan ng impormasyon upang kolektahin ang mga impormasyon tungkol sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasanayan sa Ingles, kita ng sambahayan, at mga pattern ng pagbiyahe mga pasahero ng VTA ay mga survey ng mga customer. Ang huling survey ay isinagawa noong 2017 at ang mga resulta nito ang nagsilbing batayan sa mga pagpapalano ng serbisyo at mga patakaran sa pasahe. Nakatulong din ito sa VTA na makakuha ng impormasyon upang mas maunawaan ang mga pangangailangan at mga inaasahan ng pasahero. Dinisenyo ang survey na ito upang makapangalap ng impormasyon tungkol sa pasahero, mga katangian, mga pinanggalingan/patutunguhan at rutina sa pagbiyahe (travel pattern), mga pananaw tungkol sa de-kalidad na serbisyo, at mga mungkahing ruta at iba pang pagpapaganda ng serbisyo. Ginamit ng VTA ang impormasyong ito upang bumuo ng isang demographic profile na naghahambing ng mga minoryang pasaherong sa hindi minoryang pasahero, kabilang ang mga pagbiyahe na ginawa ng magkabilang grupong ito, at dinisenyo ito upang tumulong sa pag-analisa sa patas na pasahe.

Ang survey ay nagresulta sa mga profile ng mga pasahero para sa lahat ng ruta ng bus at light rail sa Santa Clara County. Mahahalagang resulta:

- 40.5% ng mga pasahero ng VTA ay nasa biyahe mula bahay patungong trabaho.
- 53.8% ng mga pasahero ng VTA ay sa pagitan ng edad na 18 at 34.
- Ang paglalakad mula sa tirahan nila hanggang sa destinasyon ang pangunahing paraan ng pag-access (86%) at paraan ng pag-alis (89%) para sa lahat ng pasahero ng VTA.
- 41.5% ng taunang kita ng sambahayan ng mga pasahero ng transit ng VTA ay wala pang \$40,000.
- 32.6% ng mga pasahero ng VTA ay Hispanic.
- 43.3% ng mga pasahero ng VTA ay hindi Ingles ang ginagamit na salita sa tahanan, ngunit 81.3% ang nagsabi na marunong silang magsalita ng Ingles nang mahusay o napakahusay.

Konklusyon

Ginagabayan at sinusubaybayan ng Programang Title VI ang pagsisikap ng VTA upang matiyak na magkakaroon ng makabuluhang pag-access ang mga taong may mababang kita, minorya, at may limitadong kasanayan sa Ingles sa mga serbisyo, mga proyekto, at mga aktibidad nito. Batay sa Title VI at Executive Orders tungkol a limitadong kasanayan sa Ingles (LEP) at Katarungang Pangkapaligiran, ito ay isang buhay na dokumento na patuluyang ia-update. Itinitiyak ng Programang Title VI na walang taong masasaisangtabi, batay sa anumang kategoryang pinoprotektahan na inilarawan ng mga batas ng estado o pederal, mula sa pakikilahok, hindi mabigyan ng mga benepisyo, o kaya ay makaranas na madiskrimina sa ilalim ng anumang mga programa o aktibidad ng VTA. Ang kasunod na update ay ihahanda sa taong 2025. Kung sakaling gusto mong magbigay sa amin ng feedback o opinyon para sa higit pang pagpapabuti, mangyaring makipag-ugnayan sa Office of Civil Rights:

Office of Civil Rights
Santa Clara Valley Transportation Authority
3331 North First Street, B-2
San Jose, CA 95134

(408) 952-8901

Apendise I: Mga Reklamo, Imbestigasyon, at mga Paghahabla na May Kaugnayan sa Title VI

(Seksyon 4, pinamagatang "List of Transit-Related Title VI Investigations, Complaints, and Lawsuits," na nasa buong bersiyon.)

VTA - List of Title VI Lawsuits, Investigations and Complaints 2020

	Date	Summary	Status	Action(s) Taken
Lawsuits				
# 1.	6/23/2020	Marital status, race.	Closed	Dismissal and notice of 'Right to Sue' letter on 8/15/2021.
Complaints and Investigations				
# 1.	3/10/2020	Race. The caller is an elderly Asian and said that as soon as he ran up to the bus, the driver told him that he shouldn't run because of the coronavirus. The first thing the driver did when the Asian man approached the doors was put on her mask. The caller said that the driver also told him he's not supposed to be outside. The caller told the operator that he needed to go to the store and that she didn't have the right to tell him not to be outside. Caller said the driver kept saying that she needed to protect her kids. Caller felt that the driver was going on with this tirade because the caller is Asian. The caller gave coach number 8342.	Closed	Office of Civil Rights reviewed CCTV footage. The operator did not mention the Coronavirus to either of the two other males (possibly of Hispanic ethnicity) when they entered the coach, but as soon as the Asian man attempted to board, the operator put on their mask and began lecturing that person about the Coronavirus and how they wanted to keep family safe. The operator was also observed saying, "I don't want people with coronavirus on my bus." This is discriminatory behavior based on the passenger's race by the operator. VTA's Title VI/Non-Discrimination 100.013 (formerly policy AS-HR-PL-2580) policy was violated. Supervision met with operator and re-shared policy for reinstruction on March 19, 2020.
# 2.	7/30/2020	Race. The caller is upset after witnessing two male passengers yelling at each other and then kicking one of them off of the bus. The caller stated that the bus operator was nice to everyone else except the passenger that was kicked off. Caller called back to add that the operator then came to a stop where police officers were visible and commented, "I should have dropped him off here." Both passengers were equally disruptive but the operator only kicked off the Black passenger and not the white passenger.	Closed	According to the Operator Rulebook, Section 4, #10.9, the operator should have called Operations Control Center (OCC) to ask for direction because of the disturbance but did not. The operator forced the Black passenger to disembark although the white passenger who had instigated the altercation was not requested to do so, which indicates favoritism for the white passenger. The operator continued to show favoritism toward the white passenger when repeatedly asking the white passenger if they were okay (after the Black passenger had disembarked). The operator is seen in the footage walking near that passenger's seat to apologize for the Black passenger's behavior, while also making fun of the Black passenger by saying that the Black passenger should have been let off where police had stopped along the road. The operator, the white passenger and a white, female companion were observed laughing at this comment. Operator then added, "I knew that he was going to pull that race card stuff at one point," indicating that the operator regarded this a racial issue. By favoring the white passenger over the Black passenger despite the white passenger being the instigator, Office of Civil Rights (OCR) determined that the Operator discriminated against the Black passenger because of their race and therefore violated VTA's Title VI/Non-Discrimination 100.013 (formerly policy AS-HR-PL-2580) policy. OCR recommended that Operations management meets with operator to review VTA policy Title VI/Non-Discrimination 100.013 (formerly policy AS-HR-PL-2580), to instruct how operator actions can be perceived as discriminatory, and to remind the operator to be mindful of this in future encounters with passengers. Supervision met with the operator and reviewed the Title VI video. Operator was also reinstructed regarding Title VI policy and procedures.
# 3.	12/1/2020	Race. The complainant stated that he was at the bus stop and waved the operator down. The operator stopped a little past the bus stop area and as the complainant was walking towards the bus to board, the operator drove off. The complainant stated that two other people were able to board the bus, but that the operator did not wait for him. The complainant stated there was no signage stating that the bus was full and felt that this was racially motivated. The complainant also mentioned that they had previous issues with other Middle-Eastern bus operators. The complainant felt that the operator closed the door in their face because they were an African-American male.	Closed	Office of Civil Rights reviewed the CCTV footage for this incident. It was observed that as soon as two of the people boarded the bus, the operator closed the door and began to pull away from the stop (even though one passenger had not even put his money in the farebox and was not behind the yellow line). The complainant was just approaching the door when the operator shut it. It does appear that the operator was in a hurry to leave the stop and African American man waiting to board the bus behind. In addition to VTA's Title VI/Non-Discrimination 100.013 (formerly policy AS-HR-PL-2580) policy, the pass-up violated Coach Operator's Rulebook rule 4-9.6: The operator shall never pass up passengers unless the coach is full to capacity, including standees. If it becomes necessary to pass up passengers, the operator shall immediately notify Operations Control Center (OCC) and follow instructions. The operator, with union representation, met with supervision/management and was counseled regarding this incident. Supervision/management reviewed with the operator how to properly service stop, the pass-up policy, and reminded operator of notifying Operations Control Center (OCC) when a pass-up occurs.

VTA - List of Title VI Lawsuits, Investigations and Complaints 2021

	Date	Summary	Status	Action(s) Taken
Lawsuits				
# 1.	3/3/2021	Race, color, age, disability.	Closed	VTA submitted Position Statement on 4/16/2021.
# 2.	3/24/2021	Retaliation, national origin, sex.	Closed	VTA submitted Position Statement on 4/30/2021.
Complaints and Investigations				
# 1.	6/17/2021	Race. Caller stated that she felt that the operator was being racist because operator wouldn't let passenger deboard from the front doors with a baby in a stroller. Caller mentioned that the operator refused to let them use the front ramp with the consequence that passenger had to exit through the rear door instead.	Closed	Office of Civil Rights reviewed the CCTV footage for this incident. A female passenger was observed requesting to deboard at the front of the coach with a baby in a stroller and young child at her side. The operator's response was, "No, go out the other doors." When she attempted to explain why she needed the ramp at the front doors with her limited English proficiency, the operator said, "I don't know or speak whatever it is you're saying!" He then repeatedly told the Hispanic female passenger to go out the rear doors instead of lowering the ramp for her as she requested. The passenger eventually made her way to the back doors and received help from a fellow passenger so that she could deboard and lower her stroller with the baby safely from the bus. Office of Civil Rights has determined that the operator responded to this passenger disrespectfully and dismissively after observing her limited English proficiency. In addition to VTA's Title VI/Non-Discrimination 100.013 (formerly policy AS-HR-PL-2580) policy, the denial of the ramp violated Coach Operator's Rulebook rule 4-8.5: "The operator shall deploy ramp on request. Anyone may request use of the ramp." The operator, with union representation, met with management regarding this incident. The operator recalled incident and insisted on not intending to offend the Hispanic female customer. Management discussed operator training policies and procedures as well as the Title VI and retaliation policies in case of meeting the same customer again, following this complaint. The operator expressed remorse and agreed to be more sensitive when interacting with passengers with strollers in the future.

VTA - List of Title VI Lawsuits, Investigations and Complaints 2022

	Date	Summary	Status	Action(s) Taken
Lawsuits				
		There were no Title VI lawsuits during this timeframe.		
Complaints and Investigations				
		No violations were found as of June 30, 2022.		

Apendise II: Konsentrasyon ng mga Menoryang Mamamayan - Lugar ng Serbisyo ng Transit ng VTA



(Figure 12 na nasa buong bersiyon.)



Concentration of Minority Population VTA Service Area - 2016-2020 American Community Survey

Legend

- BART Stations
- BART Existing Service
- BART Extensions
- VTA Blue Line
- VTA Green Line
- VTA Orange Line
- Bus Routes
- Zip Codes
- Public Use Microsample Areas
- County Boundary
- Minority Density (by acre)
 - < 5
 - 6 - 10
 - 11 - 15
 - 16 - 20
 - >21
- N
- 0 2 4 Miles
- Created by Travel Demand Modeling, Geospatial Analytics, and Research 05/24/2022



Apendise III: Konsentrasyon ng mga sambahayan na Mababa ang Kita - Lugar ng Serbisyo ng Transit ng VTA


(Figure 11 na nasa buong bersiyon.)



Concentration of Low Income Households VTA Service Area - 2016-2020 American Community Survey

Legend

- BART Stations
 - BART Existing Service
 - BART Extensions
 - VTA Blue Line
 - VTA Green Line
 - VTA Orange Line
 - Bus Routes
 - Zip Codes
 - Public Use Microsample Areas
 - County Boundary
 - Household Poverty Ratio**
 - < 10%
 - 11 - 20%
 - 21 - 30%
 - 31 - 46%
 - >46%
- 0 2 4 Miles
- Created by Travel Demand Modeling,
Geospatial Analytics,
and Research 07/21/2022



Apendise IV: Konsentrasyon sa Lugar ng Serbisyo na Limited English Proficient (LEP)

(Figure 4 na nasa buong bersiyon.)



Number of People with Limited English Proficiency Santa Clara County - 2016-2020 American Community Survey

